MGA KAILANGANG MALAMAN TUNGKOL SA MGA OPIOID:

PAG-IWAS AT TUGON SA DI WASTONG PAGGAMIT

ANO ANG MGA OPIOID?

Ang mga opioid, na tinatawag kung minsan na narkotiko, ay mga klaseng gamot kasama na rito ang mga inireresetang pampawala ng sakit (pain reliever) at mga substansiya na ilegal.

Ang oxycodone (OxyContin®), hydrocodone (Vicodin®), codeine, morphine, fentanyl at heroina ay mga ehemplo lahat ng mga opioid at marami pang iba.

Ang fentanyl isang sintetiko na opioid na hanggang

50x na mas malakas kaysa sa heroina

100x na mas malakas kaysa sa morpina

DATOS SA HAWAI'I SA 2022



Waller, V. (2022, Oktubre 5). Taunang Report sa Buong Estado ng Hawai'i sa Pagsusubay sa Sobrang Paggamit ng Droga at Epidemiolohiya (DOSE) - CY 2021 at Q1 2022, Laulima Data Alliance. [PowerPoint presentation]. Pag-iwas sa Sobrang Paggamit ng Opioid at Methamphetamine, Hawai'i, Honolulu, HI, Estados Unidos (remote).

PAG-IWAS SA MALING PAGGAMIT NG OPIOID

- ☐ Ilagay ang mga gamot sa ligtas na lugar.
- ☐ Itapon ang mga di nagamit na gamot. Tingnan ang hawaiiopioid.org hawaiiopiod.org kung saan ang lokasyon na maaaring ibalik ang mga ito. Ang National Prescription Drug Take Back Day ay nag-aalok ng mas marami pang lokasyon tuwing tagsibol (spring) at taglagas (fall), bisitahin ang dea.gov/takebackday para sa mas marami pang impormasyon.
- ☐ Uminom ng gamot batay sa reseta. Huwag ipamimigay ang iyong reseta sa iba.
- ☐ Gumawa ng ligtas na espasyo na maaari mong sabihin ang mga panganib na idudulot ng mga droga at iba pang mga substansiya.

MGA PALATANDAAN NG SOBRANG PAGGAMIT NG OPIOID

- Di-gumagalaw o walang malay
- Mabagal, mahina, o di humihinga o walang tibok ng puso
- Parang nasasakal o may lumaguklok na tunog
- Malata ang katawan
- Malamig at/o medyo malagkit ang balat
- Asul, kulay abo o puti ang mga labi at mga kuko
- Maliit, kunstriktibo, "gatuldok na pupilo ng mga mata"

REKURSOS

- **Magpatulong** sa pagtawag sa Hawai'i CARES sa 1-800-753-6879 o pumunta sa findtreatment.gov/.
- Kumuha ng medikasyon na pangontra sa sobrang paggamit (pagka-overdose) ng opioid, katulad ng naloxone. Kahit sino ay maaring magdala ng naloxone sa Hawai'i.
  - Hanapin ang naloxone sa: hawaiiopioid.org/prevent-overdose/ o hhhrc.org/naloxone.
- Makakuha ng mas marami pang impormasyon sa cdc.gov/opioids/index.html.

KUNG SA TINGIN MO AY NA-OVERDOSE ANG ISANG TAO

1 Tumawag agad sa 911.

2 Kung mayroon, painumin ng naloxone.

3 Gawin ang lahat upang manatiling gising at humihinga ang tao. Kung walang pulso at di humihinga, simulan ang CPR.

4 Pahigain nang nakatagilid upang maiwasan na may babara sa kanyang lalamunan.

5 Bantayan ang tao hangga't di dumating ang tulong emerhensiya.